DepEd Advisory No. 329, s. 2014
August 18, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

IKA-24 NA TAUNANG PAMBANSANG KUMBENSYON AT SEMINAR-WORKSHOP SA EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO (EsP) NG PAMBANSANG SAMAHAN PARA SA EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA (PSEP) INC.

Ang Pambansang Samahan para sa Edukasyon sa Pagpapahalaga (PSEP) Inc. ay magdaraos ng *Ika-24 na Taunang Pambansang Kumbensyon at Seminar-Workshop sa Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP)* na may paksang *Ang Guro ng Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) sa K to 12 Enhanced Basic Education Curriculum* (EBEC) mula ika-28 hanggang ika-30 ng Nobyembre, 2014. Ito ay gaganapin sa Hotel Supreme and Convention Plaza, Magsaysay, Baguio City.

Layunin ng gawaing ito na:

1. mapalalim ang kaalaman ng guro sa positibong kamalayang pansarili, etika sa paggawa at ispiritwalidad bilang mahahalagang salik sa pagiging epektibo, mapanagutan at modelong guro ng EsP sa K to 12 EBEC;
2. mapaunlad ang kakayahan ng guro sa pagtuturo ng EsP sa K to 12 Curriculum sa pamamagitan ng integrasyon ng *Information and Communication Technology* (ICT); at
3. maipakitang-turo ang integrasyon ng ICT sa pagtuturo ng EsP sa K to 12 Curriculum.

Inaasahang dadalo sa gawaing ito ang pamunuan ng PSEP, Magulang-PSEP (MPSEP) at Kabataan-KPSEP (KPSEP), sa pambansa, rehiyon at sangay na antas, mga punungguro, *education program supervisors, department heads*, mga guro at mag-aaral ng EsP/EP, *guidance counselors, guidance teachers*, mga magulang at iba pang tagapagtaguyod ng Edukasyon sa Pagpapakatao/Edukasyon sa Pagpapahalaga.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa iba pang impormasyon hinggil sa gawaing ito, maaaring makipag-ugnay sa alinman sa mga sumusunod:

Tanggapan ng Pangulo ng PSEP Inc. Our Lady of Perpetual Help School 28 A. Mejico St., Santolan, Pasig City	Telepono Blg.: (02) 781-80-31 Mobile Phone Blg.: 0915-970-0342 0917-834-1530; 0926-703-9662 0916-305-5217; 0922-616-0231
PSEP Secretariat	Philippine Normal University (PNU) Manila
Email Address	psepofficial1989@gmail.com
Facebook Page	Pambansang Samahan para sa Edukasyon sa Pagpapahalaga

Alma/DA PSEP
0534-August 7, 2014